
LEVEL 2

# Leveled Reader

in Filipino

# Ang Tindero ng Sumbrero




Isinulat ni Ananta Prasad Wagle

Iginuhit ni Promina Shrestha


Sinuri ni Maria Charlene P. Melegrito




Isang araw, isang tindero ng sumbrero ang naglalakbay sa nayon upang magtinda ng kaniyang mga sumbrero.



Napagod siya sa layo ng
kaniyang nilakad.




Kaya naisipan niyang umupo sa ilalim ng puno para magpahinga.




Dahil sa sobrang pagod, mabilis siyang nakatulog.



Habang natutulog siya, isang grupo ng mga unggoy ang nakatingin sa kaniya mula sa puno.



Bumaba sila ng puno upang makita siya nang malapitan.



Binuksan ng mga ito ang kaniyang bag at tiningnan. Natuwa silang makita ang marami at iba't ibang kulay ng mga sumbrero na kasyang-kasya sa kanila.



Kalaunan, may suot nang sumbrero ang bawat isang unggoy!



Masayang nagsayawan ang mga unggoy suot ang mga sumbrerong kulay pula, asul, berde, dilaw, kahel, ube, at rosas.



Biglang gumalaw ang tindero
ng sumbrero mula sa kaniyang
pagkakatulog kaya't nag-akyatan
ang mga unggoy sa puno.



Ilang sandali pa, nagising na ang tindero habang nakamasid at naghihintay ang mga unggoy.



Tiningnan ng tindero ang kaniyang bag. Labis siyang nalungkot nang makitang wala na itong laman. Nawala ang lahat ng kaniyang mga sumbrero.



Pagkatapos, tumingala siya at nakitang suot ng mga unggoy ang kaniyang mga sumbrero! Nagulat siya noong una at nagalit kalaunan.



Pinag-isipan niyang mabuti kung papaano niyang mababawi ang mga sumbrero mula sa mga unggoy.



Pagkatapos, tinanggal niya ang kaniyang suot na sumbrero at inihagis ito sa mga unggoy.



Inakala ng mga unggoy na binabato sila ng tindero kaya't nagalit sila.



Kaya naman inalis din nila ang kanilang mga suot na sumbrero at isa-isang ibinato sa tindero.




Inipon ng tindero ang lahat ng mga sumbrero at inilagay muli sa kaniyang bag.




Nagtatakang napatingin ang mga unggoy sa tindero dahil tumatawa ito habang papaalis upang ibenta ang kaniyang mga sumbrero.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation